## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 40**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 40** |
|---|
| Theme:Ang Adventures ni Captain Kalikasan - " Kalikasan Squad: Ang Huling Tagpo" |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Kalikasan Squad: Ang Huling Tagpo**

**WRITING PROMPT LESSON 40**

---

**I.Pagbati**
Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ______!

Sa araw na ito, malalaman na natin ang katapusan ng kwento ni Captain Kalikasan. Handa na ba kayong maging pinakamagiting na superhero ng mundo? Tara't simulan na natin!

**II.Writing Prompt of the Day**
Matapos ang ilang buwan ng training kasama ng iyong kalikasan squad, dumating na ang araw ng tagpo.

Ayon sa ibang tagapagligtas ng kalikasan, direktang aatake si Global Warming Monster sa Pilipinas gamit ang isang armas na gumagawa ng malalang tagtuyot, ito ay tinatawag na El Niño. Ito na ang panahon upang kayo'y lumaban sa kanya. Ano kaya mangyayari sa tagpong ito?

•Ano-anong paghahanda ang inyong ginawa para sa huling sagupaan?
•Saan mangyayari ang huling pagtatagpo ninyo ni Global Warming Monster? (Sa siyudad ba tulad ng Metro Manila? Sa Kapatagan ng Gitnang Luzon? Sa Karagatan ng Visayas? O sa Kagubatan ng Mindanao?)
•Paano niyo matatalo ang inyong mortal na kaaaway?
•Paano magwawakas ang kwento ni Captain Kalikasan at ng kanyang Kalikasan Squad?

**III.Teacher's Message**

Ikwento ang pagtatapos ng inyong kwento bilang Captain Kalikasan at kung paano niyo natalo ang inyong mortal na kaaway. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."